Social Security

# Paano Kami Nagpapasiya Na Mayroon Ka Pa Ring Kapansanan

www.socialsecurity.gov

# Paano Kami Nagpapasiya Na Mayroon Ka Pa Ring Kapansanan

Binabasa mo ang leaflet na ito dahil sa karamihan ng kaso ay katatanggap mo pa lang ng sulat na nagsasabi sa iyo na susuriin naming muli ang iyong medikal na kondisyon. Kami ay inatasan ng batas na paminsan-minsang suriing muli ang medikal na kondisyon ng lahat ng mga taong tumatanggap ng mga benepisyo para sa may kapansanan upang siguraduhin na patuloy pa rin silang may karamdaman.

Karaniwan, kung ang iyong kalusugan ay hindi pa bumubuti, o kung ang iyong kapansanan ay nakakapigil sa iyong magtrabaho, patuloy ka pa ring tatanggap ng iyong mga benepisyo.



## Ang impormasyon ay aming iipunin

Upang tulungan kaming gumawa ng pagpapasiya, magiipon muna kami ng bagong impormasyon tungkol sa iyong pang-medikal na kalagayan.

- Hihingiin namin mula sa iyong mga doktor, mga ospital, at iba pang mga medikal na tanggapang panggagalingan ng iyong medikal na talaan . Magtatanong kami sa kanila kung papaano nakakahadlang ang iyong medikal na kondisyon sa iyong mga gawain, kung ano ang makikita sa mga medikal na pagsusuri, at kung anong mga medikal na gamutan ang ibinigay nila sa iyo.
- Kung kakailanganin namin ng karagdagan pang impormasyon, hihilingin naming ikaw ay suma-ilalim sa hindi pangkaraniwang pagsusuri na kami ang magbabayad.

## Susuriin naming muli ang mga katunayan

Susunod dito ay titingnan namin kung ano ang iyong medikal na kalagayan ng huli naming sinuri ang kaso mo. Titingnan din namin ang anumang mga bagong pangkalusugang suliranin na maaaring mayroon ka pa. Magpapasiya kami kung ang iyong medikal na kalagayan ay mabuti na o hindi pa. Kung nagpasiya kami na ang iyong medikal na kalagayan ay bumuti na, gagawa kami ng kapasyahan kung sapat ka

ng magaling upang mapahintulutan ka ng mag-trabaho.

Titingnan din namin kung ang iyong pangkalahatang medikal na kalagayan ay maaapektuhan ang uri ng trabahong na magagawa mo. Kabilang dito ang nakaraan mong trabaho o anumang ibang uri ng trabaho na maaari mong magawa sa ngayon.

## Paanong ang iyong mga benepisyo ay na-a-apektuhan

Kung ang iyong medikal na kalagayan ay bumuti na ng sapat para makapag-pasiya kami na makapagta-trabaho ka na, ang iyong benepisyo ay ihihinto na namin.

Ang iyong mga benepisyo para sa may kapansanan ay hihinto din dahil sa mga sumusunod na kalagayan:

- Ikaw ay nakinabang na sa vocational na pagsasanay o sa mga pag-sulong sa medikal na gamutan o sa teknolohiyang pang-vocational at dahil dito ay makakapagtrabaho ka na.
- Nagkamali kami sa maaga naming kapasyahan na bigyan ka pa ng mga benepisyo o ang ipagpatuloy pa ang pagbibigay ng mga benepisyo mo para sa may kapansanan.
- Hindi ka sumunod sa paggagamot na iniutos ng iyong doktor (ng walang mabuting kadahilan), at malamang na makakapagtrabaho ka kung sinunod mo lang ang gamutang ito.

(kabila)

- Binigyan mo kami ng mali o nakalilinlang na impormasyon sa aming unang pagpapasiya.
- Hindi ka nakipagtulungan sa amin, at wala kang naging mabuting dahilan sa hindi mo pakikipagtulungan.
- Ikaw ay nagtrabaho at nakikita sa iyong mga karaniwang buwanang kinita na ikaw ay katunayang nagtatrabaho ng husto at kapaki-pakinabang kang nakakapag-trabaho. Ang halaga ng mga kinikita na itinuturing naming husto at kapakipakinabang ay nagbabago sa bawat taon. Para sa kasalukuyang tantiya, tingnan ang taunang *Pinagbuti* (Publikasyon Blg. 05-10003-TL). Ganuon pa man, ang kalagayang ito ay walang epekto sa mga pagbabayad ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad).

Kung makapagpapasiya kaming ihinto na ang iyong mga benepisyo para sa may kapansanan, maaari kang mag-apply ng appeal kung hindi ka sumasang-ayon sa aming kapasyahan. Ito ay nangangahulugang maaari mo kaming hilinging tingnan muli ang iyong kaso. Kapag nakatanggap ka na ng sulat tungkol sa aming pagpapasiya, sasabihin sa iyo ng sulat na ito kung papaano ka maaaring mag-appeal sa aming kapasyahan.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa mga karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang aming mga publikasyon, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi

o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot naming ang mga specific mong katanungan at makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

**Kung kailangan mo ng interpreter** sa pag-aasikaso ng iyong Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kinakausap kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang salita mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10053-TL
How We Decide If You Are Still Disabled (Tagalog)
January 2005